ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# WORKSHEET BILANG GABAY NA KAGAMITAN SA PAGTUTURO NG FILIPINO SAPAGSULAT NG SANAYSAY

**Ma. Keeshia Mercurio Doria**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang antas ng pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino gamit ang self-learning module na may kalakip na supplemental worksheet. Partikular, nilalayon nitong matukoy ang antas ng paggamit ng worksheet bilang gabay na kagamitang panturo batay sa mga bahagi nito tulad ng layunin, nilalaman, gawain, ebalwasyon, at paglalapat. Sinuri rin ang antas ng paggamit ng worksheet batay sa mga katangian nito, gaya ng teknikal na pormat, disenyo, kaangkupan, at kaisahan. Bukod dito, tinutukoy ng pag-aaral ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay batay sa tema, pagpili ng mga salita, estilo, at mekanismo, gayundin ang kanilang antas ng pagganap sa pasulat na pagsusulit. Higit pa rito, layunin din ng pag-aaral na masuri kung may makabuluhang epekto ang paggamit ng worksheet sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay at sa kabuuang pagganap ng mga mag-aaral.*

*Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo at korelasyonal na disenyo ng pananaliksik. Ang mga datos ay nakalap mula sa isang daang (100) piling mag-aaral sa pamamagitan ng sariling gawang talatanungan bilang pangunahing instrumento. Ginamit ang frequency, mean, at standard deviation upang matukoy ang antas ng mga baryabol, habang Pearson Product–Moment Correlation ang ginamit upang masuri ang makabuluhang ugnayan, at regression analysis naman upang matukoy ang epekto.*

*Ipinakita ng resulta na ang paggamit ng worksheet ay nasa lubhang mabisa na antas batay sa bahagi at katangian nito, na nagpapakita ng malinaw, organisado, at kaaya-ayang daloy ng pagkatuto. Ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral ay nasa mataas na antas, samantalang ang kanilang pagganap ay nasa antas na Very Satisfactory. Lumabas din na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng worksheet at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay, subalit may makabuluhang epekto ito sa pagganap ng mga mag-aaral. Bilang konklusyon, natuklasan na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng worksheet at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay kung kaya't ang haypotesis ay tinatanggap. Samantala, natuklasan na may makabuluhang epekto ang paggamit ng worksheet sa pagganap ng mga mag-aaralkung kaya't ang haypotesis ay hindi tinatanggap.*

*Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ang patuloy na paggamit ng worksheet sa pagtuturo, ang pagpapayaman ng interaktibo at malikhaing gawain, at ang masusing pag-aaral sa iba pang salik na nakakaapekto sa pagkatuto para sa hinaharap na pananaliksik.*

**SUSING SALITA***: worksheet, pagsulat ng sanaysay, pagganap, kagamitang panturo, Filipino*

## 1. PANIMULA

Sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, isa sa mga pangunahing pokus ay ang paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, partikular sa pagsulat ng sanaysay. Sa pamamagitan ng gawaing ito, nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang ideya nang malinaw, lohikal, at organisado. Kaugnay nito, mahalagang gumamit ng angkop na estratehiya at kagamitang panturo upang mas mapadali ang pagkatuto at mas mapataas ang kalidad ng kanilang output.

Ang pagsulat ng sanaysay ay isang mahalagang bahagi ng kurikulum sa Filipino na naglalayong paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa organisadong pagpapahayag ng kanilang mga ideya. Ayon kina Graham et.al (2018), ang pagsulat ay isang kompleks na proseso na nangangailangan ng pagbuo, pag-oorganisa, at malinaw na pagpapahayag ng mga ideya. Isa sa pinakamahalagang bahagi ng sanaysay ay ang panimula, sapagkat dito inilalatag ang pangunahing ideya ng sulatin at dito rin nagsisimula ang interes ng mga mambabasa. Mahalaga ang malinaw at kawili-wiling panimula upang maipakita nang maayos ang layunin ng sanaysay at mapanatili ang atensyon ng mambabasa.

Bahagi ng K to 12 Curriculum ang asignaturang Filipino upang mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa sariling wika at mapahusay ang kanilang kasanayan sa komunikasyong pasulat. Ang kahalagahan ng pagsasanay sa pagsulat ng sanaysay ay upang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wasto at angkop na salita, sa malikhaing pagpapahayag, at sa lohikal na daloy ng mga ideya. Ang paggamit ng modular na istruktura ng kurikulum ay paraan upang maging flexible at angkop sa pangangailangan ng mag-aaral sa pagkatuto, na nagbigay-daan sa mas epektibong paglinang ng kanilang kakayahan sa pagsulat.

Ayon kina Tomlinson (2018), ang mga kagamitang pampagtuturo ay mahalagang kasangkapan upang mapadali ang pagkatuto at mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga aktibidad na nakapaloob sa worksheet, inaasahang mapapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral at mapapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsulat, na magsisilbing pundasyon para sa mas matagumpay na pagkatuto sa Filipino.

Sa ganitong konteksto, ang worksheet bilang gabay sa pagtuturo ng Filipino sa pagsulat ng sanaysay ay itinuturing na mahalagang kagamitang pampagtuturo upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga bahagi ng sanaysay, matutunan ang epektibong paraan ng pagsisimula, at maisulat ang kanilang sariling opinyon nang may kumpiyansa at linaw.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

*1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang antas ng pagkatuto at pag-unawa ng self- learning module sa Filipino gamit ang supplemental worksheet.

Partikular, hinahangad ng pag-aaral na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng Paggamit ng Worksheet bilang Gabay na Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino batay sa Bahagi:
   1.1 Layunin;
   1.2 Nilalaman;
   1.3 Gawain;
   1.4 Ebalwasyon at
   1.5 Paglalapat?
2. Ano ang antas ng Paggamit ng Worksheet bilang Gabay na Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino batay sa Katangian:
   2.1 Teknikal na pormat;
   2.2 Disenyo;
   2.3 Kaangkupan;
   2.4 Kaisahan?
3. Ang ang antas ng Pagsulat ng Sanaysay batay sa:
   3.1 Tema;
   3.2 Pagpili ng mga salita;
   3.3 Estilo at
   3.4 Mekanismo?
4. Ano ang antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral sa pasulat na pagsusulit?
5. May makabuluhang kaugnayan ba ang Paggamit ng Worksheet sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral?
6. May makabuluhang epekto ba ang Paggamit ng Worksheet bilang Gabay sa Pagganap ng mga Mag-aaral?

## 2. METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo at korelasyonal na disenyo ng pananaliksik. Ang mga datos ay nakalap mula sa isang daang (100) piling mag-aaral sa pamamagitan ng sariling gawang talatanungan bilang pangunahing instrumento. Ginamit ang frequency, mean, at standard deviation upang matukoy ang antas ng mga baryabol, habang Pearson Product–Moment Correlation ang ginamit upang masuri ang makabuluhang ugnayan, at regression analysis naman upang matukoy ang epekto.

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay nagpresenta ng iba't ibang resulta at ginamit ang mga nakalap na datos para talakayin ang mga kinalabasan ng pag-aaral. Lahat ng mga tiyak na tanong sa Kabanata 1 sa ilalim ng pahayag ng suliranin ay sinagot sa kabanatang ito na sinusuportahan ng mga talahanayan. Inilalahad nito ang mga datos na nakalap tungkol sa makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng paggamit ng worksheet sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral, at makabuluhang epekto sa pagitan ng paggamit ng worksheet sa pagganap ng mga mag-aaral.

Sa partikular, nilalayon ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod:

**Antas ng Paggamit ng mga Mag-aaral sa Worksheet bilang Gabay na Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino ayon sa Layunin**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ay tumutukoy sa Layunin, Nilalaman**,** Gawain**,** Ebalwasyon, at Paglalapat.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean, standard deviation,* mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga .

Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna. *Nagsisilbing gabay ang layunin sa maayos at lohikal na pag-oorganisa ng sulatin na may (M = 5.00) at nagpapakita ng lubhang mabisa na antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa mga tuntunin ng layunin* at sinusuportahan ng (*SD* = 0.00).

**Talahanayan 1.**

*Antas ng Paggamit ng mga Mag-aaral sa Worksheet bilang Gabay na Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino ayon sa Layunin*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakalilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay.* | 4.97 | 0.17 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napapatibay ng worksheet ang pag-unawa sa istruktura at mga bahagi ng sanaysay.* | 4.97 | 0.17 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahahasa ang kritikal na pag-iisip at pagbubuo ng ideya.* | 4.99 | 0.10 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagsisilbing gabay ang layunin sa maayos at lohikal na pag-oorganisa ng sulatin.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napalalalim ang kaalaman batay sa layunin sa pagpili ng paksa at pagbuo ng matibay na agrumento* | 4.98 | 0.14 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.98 | | |
| *SD* | 0.13 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Gayundin, *nahahasa ang kritikal na pag-iisip at pagbubuo ng ideya* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.97) na may (*SD* = 0.17), ipinapakita pa rin nito na *nakalilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay at napapatibay ng worksheet ang pag-unawa sa istruktura at mga bahagi ng sanaysay***.**

Ang antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ayon sa Layunin ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.13 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan ,ipinapakita na ang paggamit ng worksheet bilang gabay sa pagtuturo ng Filipino ay epektibo sa

pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat at pag-unawa sa sanaysay. Nakakatulong ito sa maayos at lohikal na pag-oorganisa ng sulatin, pati na rin sa paghahasa ng kritikal na pag-iisip at pagbubuo ng ideya.

**Talahanayan 2.**
*Antas ng Paggamit ng mga Mag-aaral sa Worksheet bilang Gabay na Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino ayon sa Nilalaman*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naitutuon ang mga nilalaman sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang mga tanong at gabay ng nilalaman upang mas madaling maunawaan ang istruktura ng sanaysay.* | 4.97 | 0.17 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay ng tulong sa pagsusulat ang makabuluhan na mga halimbawa sa worksheet* | 4.96 | 0.20 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay sa tunay naranasan at konteksto ng mga mag-aaral ang mga paksang tinatalakay sa worksheet.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalahad nang kumpleto at lohikal ang nilalaman ng materyal upang madali itong masundan at maunawaan ng mga mag-aaral.* | 4.92 | 0.28 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.97 | | |
| *SD* | 0.17 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

*Naitutuon ang mga nilalaman sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay at naiuugnay sa tunay na naranasan at konteksto ng mga mag-aaral ang mga paksang tinatalakay sa worksheet na may (M = 5.00) at nagpapakita ng lubhang mabisa* na antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa mga tuntunin ng Nilalaman at sinusuportahan ng (*SD* = 0.00). Gayundin, *nakatutulong ang mga tanong at gabay ng nilalaman upang mas madaling maunawaan ang istruktura ng sanaysay* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.92) na may (*SD* = 0.28), ipinapakita pa rin nito na *nailalahad nang kumpleto at lohikal ang nilalaman ng materyal upang madali itong masundan at maunawaan ng mga mag-aaral***.**

Ang antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ayon sa nilalaman ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.97 at *standard deviation* na 0.17 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita na ang nilalaman ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ay lubhang mabisa sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Ang mga paksang tinatalakay ay malinaw, lohikal, at may kaugnayan sa tunay na karanasan at konteksto ng mga mag-aaral, na nagpapadali sa kanilang pag-unawa sa istruktura at bahagi ng sanaysay. Ipinahihiwatig nito na ang maayos na pagkakabuo ng nilalaman ng worksheet ay nagsisilbing epektibong suporta sa mas makabuluhan at sistematikong pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 3.**
*Antas ng Paggamit ng mga Mag-aaral sa Worksheet bilang Gabay na Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino ayon sa Gawain*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naipapaliwanag ang mga gawaing ibinigay upang maunawaan ang paksa.* | 4.99 | 0.10 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang mga natutunang kaalaman sa mga praktikal na gawain.* | 4.99 | 0.10 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbubukas ng isipan ang mga gawain ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.* | 4.98 | 0.14 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapakita ang mga gawain ng pagiging malikhain sa paglutas ng problema.* | 4.97 | 0.17 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapakita ang kaugnayan ng mga gawain sa totoong buhay.* | 4.99 | 0.10 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.98 | | |
| *SD* | 0.13 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

*Naipapaliwanag ang mga gawaing ibinigay upang maunawaan ang paksa, nagagamit ang mga natutunang kaalaman sa mga praktikal na gawain at naipapakita ang kaugnayan ng mga gawain sa totoong buhay* na may (*M* = 4.99) at nagpapakita ng lubhang mabisa na antas ng paggamit ng mga

mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa mga tuntunin ng gawain at sinusuportahan ng (*SD* = 0.10). Gayundin, *nagbubukas ng isipan ang mga gawain at ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.97) na may (*SD* = 0.17), ipinapakita pa rin nito na *nagpapakita ang mga gawain ng pagiging malikhain sa paglutas ng problema*.

Ang antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ayon sa gawain ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.13 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan , ipinapakita na ang mga gawain sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ay lubhang mabisa sa pagpapalalim ng pag-unawa at aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga gawain ay malinaw na naipapaliwanag, may kaugnayan sa tunay na buhay, at nagbibigay-daan sa paggamit ng mga natutunang kaalaman. Higit pa rito, ang mga ito ay nakahihikayat sa kritikal at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral, lalo na sa paglutas ng suliranin, na nagpapakita ng makabuluhang ambag ng worksheet sa paglinang ng kanilang kasanayan sa Filipino.

**Talahanayan 4.**

*Antas ng Paggamit ng mga Mag-aaral sa Worksheet bilang Gabay na Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino ayon sa Ebalwasyon.*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nasusukat ng ebalwasyon ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin.* | 4.96 | 0.20 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang mga tanong sa ebalwasyon sa mga layunin ng aralin.* | 4.98 | 0.14 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyan ng sapat na pagkakataon ang mga mag-aaral na maipakita ang kanilang kaalaman.* | 4.99 | 0.10 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapakita ng ebalwasyon ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral.* | 4.98 | 0.14 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.* | 4.98 | 0.14 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.98<br>0.15<br>Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

*Nabibigyan ng sapat na pagkakataon ang mga mag-aaral na maipakita ang kanilang kaalaman* na may (*M* = 4.99) at nagpapakita ng lubhang mabisang antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa mga tuntunin ng ebalwasyon at sinusuportahan ng (*SD* = 0.10). Gayundin, *naiuugnay ang mga tanong sa ebalwasyon sa mga layunin ng aralin, naipapakita ng ebalwasyon ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral at nakatutulong ang ebalwasyon sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.96) na may (*SD* = 0.20), ipinapakita pa rin nito na *nasusukat ng ebalwasyon ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin*.

Ang antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ayon sa ebalwasyon ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.15 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita na ang ebalwasyon na bahagi ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ay lubhang mabisa sa pagsukat at pagpapaunlad ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Ang mga tanong at gawaing ebalwasyon ay malinaw na nakaugnay sa mga layunin ng aralin at nagbibigay ng sapat na pagkakataon upang maipakita ng mga mag-aaral ang kanilang antas ng pag-unawa. Higit pa rito, ang ebalwasyon ay nagsisilbing mahalagang kasangkapan sa pagpapalakas ng kritikal na pag-iisip at sa patuloy na paghubog ng akademikong kakayahan ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 5.**

*Antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ayon sa Paglalapat*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nailalapat ang mga natutunan sa aralin sa mga praktikal na sitwasyon.* | 4.94 | 0.24 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang kaalaman sa pagsulat ng sanaysay sa iba pang asignatura.* | 4.99 | 0.10 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikita ang kaugnayan ng mga konsepto sa totoong buhay at karanasan.* | 4.98 | 0.14 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang mga kasanayan sa pagsulat sa mga pang-araw-araw na komunikasyon.* | 4.92 | 0.28 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagiging gabay ang mga natutunan sa pagharap sa mga praktikal na suliranin sa araw-araw.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.97<br>0.18<br>Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

*Nagiging gabay ang mga natutunan sa pagharap sa mga praktikal na suliranin sa araw-araw* na may (*M* = 5.00) at nagpapakita ng lubhang mabisa na antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa mga tuntunin ng paglalapat at sinusuportahan ng (*SD* = 0.00). Gayundin, *nagagamit ang kaalaman sa pagsulat ng sanaysay sa iba pang asignatura* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.92) na may (*SD* = 0.28), ipinapakita pa rin nito na *naiuugnay ang mga kasanayan sa pagsulat sa mga pang-araw-araw na komunikasyon***.**

Ang antas ng paggamit ng mga mag-aaral sa worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ayon sa Paglalapat ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.97 at *standard deviation* na 0.18 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan ,ipinapakita na ang worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ay lubhang mabisa sa paglalapat ng mga natutunang kaalaman ng mga mag-aaral sa tunay na buhay. Nagsisilbi itong mahalagang gabay sa pagharap sa mga praktikal na suliranin at sa paggamit ng kasanayan sa pagsulat hindi lamang sa asignaturang Filipino kundi pati sa iba pang larangan ng pagkatuto. Ipinahihiwatig nito na ang worksheet ay epektibong kasangkapan sa pag-uugnay ng akademikong kaalaman sa pang-araw-araw na komunikasyon at karanasan ng mga mag-aaral.

**Antas ng Paggamit ng Workheet Batay sa Katangian ng Worksheet bilang Gabay na Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng paggamit ng worksheet batay sa katangian ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ay tumutukoy sa teknikal na pormat, disenyo, kaangkupan, at kaisahan.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean*, *standard deviation*, mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng worksheet batay sa katangian ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Naisasaawa nang wasto ang paggamit ng mga bantas, baybay, at gramatika sa kabuuan ng worksheet na may (M = 4.99) at nagpapakita ng lubhang mabisa na antas ng paggamit ng worksheet batay sa katangian ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa mga tuntunin ng teknikal* na pormat at sinusuportahan ng (*SD* = 0.10).

**Talahanayan 6**.
*Antas ng Paggamit ng Workheet Batay sa Katangian ng Worksheet bilang Gabay na Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino ayon sa Teknikal na Pormat*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Naipapahayag nang maayos at malinaw ang pagkakahanay ng mga bahagi ng worksheet mula sa panuto hanggang sa mga gawain.* | 4.96 | 0.20 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop ang laki at uri ng font upang maging malinaw at madaling basahin ang teksto.* | 4.98 | 0.14 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang tamang espasyo at paglalagay ng mga linya sa pagsusulat ng sagot.* | 4.98 | 0.14 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang teknikal na pormat ng worksheet upang hindi malito ang mag-aaral sa pagsagot.* | 4.98 | 0.14 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naisasaayos nang wasto ang paggamit ng mga bantas, baybay, at gramatika sa kabuuan ng worksheet.* | 4.99 | 0.10 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.98 | | |
| *SD* | 0.15 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Gayundin, *naiaangkop ang laki at uri ng font upang maging malinaw at madaling basahin ang teksto; nakatutulong ang tamang espasyo at paglalagay ng mga linya sa pagsusulat ng sagot; at nakatutulong ang teknikal na pormat ng worksheet upang hindi malito ang mag-aaral sa pagsagot* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.96) na may (*SD* = 0.20), ipinapakita pa rin nito na naipapahayag nang maayos at malinaw ang pagkakahanay ng mga bahagi ng worksheet mula sa *panuto hanggang sa mga gawain***.**

Ang antas ng paggamit ng worksheet batay sa katangian ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ayon sa teknikal na pormat ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.15 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita na ang teknikal na pormat ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ay lubhang mabisa sa pagsuporta sa malinaw at organisadong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang wastong paggamit ng wika, maayos na pagkakaayos ng mga bahagi, at angkop na disenyo ng teksto ay nakatutulong upang maging madaling basahin at unawain ang nilalaman ng worksheet. Higit pa rito, ang malinaw na teknikal na pormat ay nagiging gabay ng mga mag-aaral sa maayos na pagsagot sa mga gawain at nakababawas sa kalituhan, na nagpapakita ng mahalagang papel nito sa pagiging epektibo ng kagamitang panturo.

Talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng worksheet batay sa katangian ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 7**.
*Antas ng Paggamit ng Worksheet Batay sa Katangian ng Worksheet bilang Gabay na Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino ayon sa Disenyo.*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakakakuha ng interes at kaaya-aya sa mga mag-aaral ang disenyo ng worksheet.* | 4.95 | 0.22 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong at akma ang paggamit ng kulay at larawan sa pag-unawa ng mga gawain.* | 4.98 | 0.14 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakadaragdag sa kasiglahan ng pagkatuto ang gabay na bahagi ng worksheet* | 4.98 | 0.14 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naisaalang-alang ang balanse ng mga elementong biswal upang hindi maantala ang pokus ng mag-aaral.* | 4.99 | 0.10 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibibigay ang disenyo sa antas ng pag-unawa at kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino.* | 4.98 | 0.14 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.98 | | |
| *SD* | 0.15 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

*Naisaalang-alang ang balanse ng mga elementong biswal upang hindi maantala ang pokus ng mag-aaral* na may (*M* = 4.99) at nagpapakita ng lubhang mabisang antas ng paggamit ng worksheet batay sa katangian ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa mga tuntunin ng disenyo at sinusuportahan ng (*SD* = 0.10). Gayundin, *nakatutulong at akma ang paggamit ng kulay at larawan sa pag-unawa ng mga gawain; nakadaragdag sa kasiglahan ng pagkatuto ang interaktibong bahagi ng worksheet; at naibibigay ang disenyo sa antas ng pag-unawa at kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.95) na may (*SD* = 0.22), ipinapapakita pa rin nito na *nakakukuha ng interes at kaaya-aya sa mga mag-aaral ang disenyo ng worksheet*.

Ang antas ng paggamit ng worksheet batay sa katangian ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ayon sa disenyo ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.15 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan ,ipinapakita na ang disenyo ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ay lubhang mabisa sa pagpapalakas ng interes at kasiglahan ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Ang maayos na balanse ng mga elementong biswal, angkop na paggamit ng kulay at larawan, at interaktibong bahagi ng worksheet ay nakatutulong sa mas malinaw na pag-unawa sa mga gawain. Ipinapakita nito na ang epektibong disenyo ng worksheet ay mahalagang kasangkapan upang maging mas kaaya-aya, akma sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral, at mas mapadali ang proseso ng pagkatuto sa Filipino.

**Talahanayan 8**.
*Antas ng Paggamit ng Workheet Batay sa Katangian ng Worksheet bilang Gabay na Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino ayon sa Kaangkupan*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naiaangkop ang mga gawain sa worksheet sa kasalukuyang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay.* | 4.95 | 0.22 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutugon ang worksheet sa mga layunin ng asignaturang Filipino at inaasahang kasanayang pampagsulat.* | 4.99 | 0.10 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibabagay ang antas ng kahirapan ng mga tanong at gawain sa kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nauugnay ang nilalaman ng worksheet sa mga aktuwal na sitwasyon sa aking buhay bilang mag-aaral.* | 4.98 | 0.14 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang worksheet bilang praktikal na kasangkapan sa pagkatuto sa pagsulat ng sanaysay.* | 4.99 | 0.10 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.98 | | |
| *SD* | 0.13 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 8 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng worksheet batay sa katangian ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Naibabagay ang antas ng kahirapan ng mga tanong at gawain sa kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral* na may (*M* = 5.00) at nagpapakita ng lubhang mabisang antas ng paggamit ng worksheet batay sa katangian ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa mga tuntunin ng kaangkupan at sinusuportahan ng (*SD* = 0.00). Gayundin, *nakatutugon ang worksheet sa mga layunin ng asignaturang Filipino at inaasahang kasanayang pampagsulat* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.95) na may (*SD* = 0.22), ipinapakita pa rin nito na naiaangkop ang mga gawain sa worksheet sa kasalukuyang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay*"*.

Ang antas ng paggamit ng worksheet batay sa katangian ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ayon sa Kaangkupan ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.13 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa pangkalahatan, ipinapakita na ang kaangkupan ng worksheet bilang gabay na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino ay lubhang mabisa sa pagsasaalang-alang sa antas ng kakayahan at karanasan ng mga mag-aaral. Ang mga tanong at gawain ay naaangkop sa kanilang kasanayan at nakatutugon sa layunin ng asignaturang Filipino, partikular sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Ipinahihiwatig nito na ang maayos na pag-angkop ng worksheet sa antas ng mag-aaral ay nakatutulong sa mas epektibo at makabuluhang pagkatuto.

**Talahanayan 9**.

*Antas ng Paggamit ng Workheet Batay sa Katangian ng Worksheet bilang Gabay na Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino ayon sa Kaisahan*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naisulong ang malinaw na pagkakaugnay-ugnay ng bawat bahagi ng worksheet upang maipakita ang pangunahing layunin ng aralin.* | 4.98 | 0.14 | Lubos na sumasang-ayon |
